Topical Corticosteroids

- Paunang Salita
- Uri ng topical Corticosteroid
- Lakas ng topical corticosteroids
- Gamit ng topical corticosteroids
- Masamang epekto ng topical corticosteroids
- Mga Pag-iingat sa topical corticosteroids
- Pangkalahatang payo sa Paggamit ng topical corticosteroids
- Komunikasyon sa inyong Doktor
- Pag-iimbak ng topical corticosteroids

Paunang Salita

Ang Topical Corticosteroids ay ginagamit para gamutin ang mga sakit sa pamamaga ng balat, tulad ng atopic eczema, contact dermatitis at bilang isa sa mga rehimen para sa psoriasis. Napipigil nila ang proseso ng pamumula at pamamaga kaya't napapaginhawa nito ang mga tanda at sintomas, tulad ng pamamaga, pamumula at pangangati. Ang topical corticosteroid ay dapat na ilagay ng may katipiran. Ibig sabihin, ang manipis na pagpahid ng gamot ay sapat na para matakpan ang apektadong balat. Dapat itong ilagay ayon sa tagubilin ng doktor.

Ang paraan kung paano nakakabawas sa pamamaga ang corticosteroids ay komplikado. Kasama dito ang pagpigil sa iba't ibang yugto ng pamamaga. Nababawasan rin nito ang bilang ng collagen sa balat.

Ang topical corticosteroids ay *hindi* makakagamot sa mga nasabing kondisyon sa taas; subalit kapag itinigil ang paggagamot, mas malalang kundisyon ang maaaring mangyayari kapag bumalik. Gayunman, sila ay maitutring na ligtas, at mahalaga sa pagmpagpapanatili ng ng kondisyon sa pamamaga ng balat kapag sila ay ginamit ng maayos na may medikal na pangangasiwa.

Atopic Eczema

Ang Atopic eczema (kilala rin bilang atopic dermatitis) ay karaniwang naaapektuhan ang mga sanggol at bata. Ang kondisyon ay kadalasang nananatili sa mahabang panahon. Kapag ito ay nangyayari sa mga sanggol at bata, kadalasang lilitaw ang mga pantal sa pisngi, anit, at sa dulong ibabaw ng mga paa't kamay (hal. Dulo ng mga tuhod at siko). Para sa mga may edad na bata, kabataan at matanda, ang pantal ay lumalabas sa gilid ng leeg, sa paligid ng mata at tenga, at sa flexural na bahagi ng tuhod at siko.(i.e. ilalim/ loob na bahagi ng tuhod at siko). Katunayan, maaapektuhan nito ang anumang parte ng katawan: at iba't iba ang yugto ng kalalaan. Kabilang sa mga karaniwang sintomas ay ang pangangati, pamumula, panunuyo at pagbibitak bitak ng balat. Sa mga malalang kaso, ang atopic eczema ay maaaring kumalat sa katawan.

Irritant at Contact Dermatitis

Ang Irritant dermatitis ay resulta ng pagkakadikit ng balat sa mga bagay na nakakapagpairita ng balat (tulad ng sabon at detergent). Ang contact dermatitis ay resulta ng direktang pagkakadikit balat sa allergens (tulad ng goma, pangulay ng buhok at pabango). KAbilang sa mga karaniwang sintomas ng parehong dermatitis ay ang sakit (o paninigas) ng balat, pangangati, pantal, paltos (vesicles) at pati na ang panunuyo at pagbibitak bitak na patse ng

balat. Alinmang parte ng katawan ay maaaring maapektuhan ngunit ang kamay ay ang pinaka pangkaraniwan.

Psoriasis
Ang Psoriasis ay makikilala sa mga plake sa balat (mapula at magaspang na patse sa balat) na madalas ay kulay pilak sa ibabaw. Ang plake ay resulta mula sa hindi normal na pagtubo ng cells sa balat. Ang Psoriasis ay maaaring magsimula sa kahit anong edad; pero sa pangkalahatan, mayroong dalawang rurok ng pagsisimula: edad 20-30 na taon at edad 50-60 na taon. Ang psoriasis ay paulit ulit; at ang lakas ay lubhang naiiba sa bawat tao. Ang mismong sakit ay hindi nakakahawa.

Uri ng topical corticosteroids

Mayroong maraming uri ang topical corticosteroids. Sila ay maiuuri ayon sa kanilang lakas. Kasama sa halimbawa ng mga aktibong ay ang (nakaayos ayon sa na pinakamalakas)

- Hydrocortisone,
- Fluocinolone,
- Betamethasone at
- Clobetasol.

Ang Topical corticosteroids ay maa'aring makuha sa ibat ibang porma ng dosis (tulad ng krema, pamahid, gel, at lotion).

Ang krema ay naaangkop sa lahat na kondisyon ng balat; pero mas maganda ito sa mamasa masa (o matubig) na balat; ang pamahid naman ay pinili para sa tuyo o makakapal na bahagi. Ang gel at lotion ay maaaring gamitin sa bahaging mabalahibo.

Sa Hong Kong, karamihan sa topical corticosteroid ay inirereseta lamang habang ang iba sa kanila ay maaaring mabili sa mga lisensyadong botika sa ilalim ng pangangasiwa ng isang rehistradong parmasyutiko. Kasama sa mga gamot na topical corticosteroid na nabibili mula sa botika ay ang: mga panlabas na preparasyong may sangkap ng hindi hihigit sa 1% na hydrocortisone at panglabas na preparasyong may sangkap na hindi hihigit sa 0.05% ng clobetasone butyrate.

Lakas ng Topical Corticosteroid

Ang topical corticosteroid ay nakadepende sa kanilang lakas ay karaniwang nahahati sa apat na grupo na mga (I) mahina (II) katamtaman (III) malakas at (IV) napakalakas

(I) Ang mahinang corticosteroid ay ginagamit sa pamamahala ng kondisyon tulad ng mahinang eczema at seborrheic dermatitis, (hal. hydrocortisone acetate). Sa paggamot ng seborrheic dermatitis, sabay na paggamit ng anti-fungal ay maaaring ikonsidera.
(II) Ang katamtamang topical corticosteroid ay ginagamit para sa mas nakakabahalang kaso ng dermatitis tulad ng atopic eczema (hal. fluocinolone acetonide).
(III) Ang malakas na topical corticosteroid ay ginagamit sa paggamot ng recalcitrant (i.e. sutil at mahirap pangasiwaan) na kondisyon ng balat at plake ng psoriasis, pero hindi

sila nababagay na iaplay sa parte ng katawan tulad ng sa mukha, mga nababaluktot at genitalia (hal. betamethasone dipropionate).

(IV) Ang napakalakas na topical corticosteroid ay nakalaan para sa recalcitrant na kondisyon ng balat na hindi tumutugon sa ibang dating pagagamot at ginagamit sa maikling panahon lamang (hal. clobetasol propionate).

Bukod dito, ang lakas ng topical corticosteroid ay depende sa iba't ibang pormulasyon at konsentrasyon. Halimbawa, ang produkto ay naglalaman ng parehong topical corticosteroid na may parehong konsentrasyon, gamot sa porma ng pamahid ay kadalasang mas malakas kaysa krema at lotion.

Kapag ang lakas ng topical corticosteroid ay mas mataas, ang paggagamot ay magiging mas epektibo laban sa pamamaga. Gayunman, malaki ang tyansa sa mas maraming masamang epekto. Kaya't upang mabalanse sa pagitan ng masamang epekto at benepisyo nito, ikokonsidera ng doktor ang iyong edad, ang apektadong parte ng katawan (hal. lokasyon), kalubhaan sa kondisyon ng balat (hal. laki); at resetahan ng pinakamababang lakas subalit epektibong corticosteroid upang maibsan ang sintomas.

Gamit ng topical corticosteroid

Sa karamihan ng kondisyon, ang topical corticosteroid ay dapat lamang iaplay isa o dalawang beses maghapon. Ang anumang pagtataas sa dalas ay maaaring hindi magkaron ng benepisyo at maaari makapagbigay ng masamang epekto. Ang topical corticosteroid ay dapat iaplay ng matipid, ng manipis at sapat lamang upang matakpan ang apektadong lugar.

Katunayan,madalas, ang mga kondisyon ng balat ay maaring umayos sa sapat na pampalambot, imbes na gamitan ng topical corticosteroids.

Masamang Epekto ng topical corticosteroids

Ang mga masamang epekto (localize) ay karaniwan sa mga pasyenteng gumagamit ng topical corticosteroid. Ang mga halimbawa ay:

- Pagnipis ng balat,
- Mainit at tumutusok na pakiramdam sa balat,
- Paglala o pagkalat ng hindi nagagamot na impeksyon sa balat,
- Folliculitis (pamamaga ng ugat ng buhok),
- Pagbabago sa kulay ng balat,
- Taghiyawat,
- Rosacea, at
- Sakit sa balat (ang ibang tao ay maaaring allergic sa aktibong gamot na corticosteroid).

Ang mga lokal na masamang epektong ito ay kadalasang nababaligtad kapag itinigil ang paggamit ng topical corticosteroid. Sa matagal na gamitan, ang balat ay maaaring magdulot ng marka na maaaring maging permanente.

Katunayan, ang masamang epekto sa buong katawan ay maaaring lumitaw kung ang paglalagay ng gamot ay mas marami (malaking dami at /o sa matagal na panahon) kaysa sa tagubilin ng doktor. Ang mga halimbawa ay:

- Mataas na presyon ng dugo,
- Pamamaga ng mga binti,
- Pagkawala ng calcium sa buto, na maaaring mauwi sa osteoporosis at bali
- Napipigilang paglaki ng mga bata, at Cushing's Syndrome na may sintomas tulad ng mabilis at hindi pangkaraniwang pagtaas ng timbang, pamamaga ng mukha o "moon face" at pagbabago sa emosyon.

Mga Pag-iingat sa topical corticosteroids

Ang topical corticosteroids ay contraindicated sa mga pasyenteng may:

- Hindi nagagamot na bakterya, fungal o viral na sugat sa balat,
- Taghiyawat
- Rosacea, at
- Peri- oral dermatitis.

Bukod pa rito, ang malakas at napakalakas na topical corticosteroid ay hindi dapat ginagamit ng:

- Sa mga pasyenteng may malawak na plake ng psoriasis, at
- Sa hihigit sa pitong araw, maliban kung napapasailalim sa pangangasiwa ng dalubhasang doktor.

Gayundin, ang matagal na paggamit ng topical corticosteroid sa mukha, nababaluktot na parte ng katawan, at genitalia ay kailangang iwasan.

Pangkalahatang payo sa paggamit ng topical corticosteroid

- Gamitin ang pinaka mahinang uri ng corticosteroid na may sapat na bisa.
- Gamitin lamang ang topical corticosteroid ng ayon sa payo ng doktor o parmasyutiko.
- Linisin ang apektadong lugar ng balat bago iaplay.
- Ipahid ang gamot ng manipis at sapat lamang upang matakpan ang apektadong lugar.
- Kung ang kondisyon ng inyong balat ay nangangailangan ng topical na pamtpalambo at corticosteroids, unang iaplay ang pampalambot, at maghintay ng 30 minuto bago iaplay ang corticosteroid.
- Iwasan gumamit ng maraming topical corticosteroid sa mahabang panahon.
- Maliban na lamang kung ipinayo ng inyong doktor, huwag babalutin o tatakpan ng benda ang apektadong lugar.
- Huwag lalagyan ng topical corticosteroid ang parte ng balat na may impeksyon dahil maaari silang pamugaran ng mga dumi.
- Huwag kakamutin ang apektadong lugar habang ginagamot upang maiwasan ang posibleng pagka sugat at impeksyon.

- Huwag iaplay ang topical corticosteroid sa mata o malapit sa mata maliban kung tagubilin ng doktor.
- Huwag gumamit ng topical corticosteroid sa layunin na maiwasan ang eczema maliban kung ito ay parikular na ipinayo ng dalubhasang doctor.
- Huwag gamitin ang topical corticosteroid bilang moisturizer.
- Huwag gamitan ng kosmetiko ang lugar na ginagamot.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Maaaring magreseta ang inyong doktor ng mahigit sa isang topical corticosteroid sa pagagagamot sa kondisyon ng inyong balat. Siguruhing maliwanag sa inyo ang uri ng preparasyon na kailangang isagawa sa parte ng inyong katawan. Kumonsulta sa doktor kapag mayroong pag aagam agam.
- Kumuha agad ng payong medikal kung kayo ay makakaranas ng anumang masamang epekto na pinaghihinalaang may kaugnayan sa topical corticosteroids.
- Magkaroon ng regular na medical follow-up ayon sa payo ng inyong doktor kung kinakailangang gumamit ng topical corticosteroid ng mas mahabang panahon.
- Mag check sa doctor kung ang inyong sintomas(o ng inyong anak) ay hindi bumuti, o kung mas lumala.

Pag iimbak ng topical cortocosteroids

Ang gamot ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung sinasabi sa tatak, ang mga gamot ay hindi dapat iniimbak sa refrigerators. Bukod pa rito, ang gamot ay dapat itinatago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalunok nito.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Gamot ay gustong pasalamatan ang Propesyonal sa Kaunlaran at kasiguruhan sa Kalidad (PD&QA) at ang Serbisyo ng Kalinisang Panlipunan (SHS) para sa kanilang makabuluhang kontribusyon sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Abril 2018